AHA! LEARNING CENTER'S
# ESKWELANG PAMILYA
/ahalearning /ahalearns

## READING FOR GRADES 1-2
### Aralin 10

| **Pambungad** |
|---|
| *Magandang araw sa iyo, munting mambabasa! Handa ka na bang galugarin ang ating kwento ngayong araw? Sabay-sabay nating basahin ang librong **"Ngumiti sa Akin" na isinulat ni Rio Alma.** Huwag mag-alala; gagabayan kita, kaibigan!* |

| **Reading for Grades 1 and 2 - Aralin 10** |
|---|
| Book Title: Ngumiti sa Akin |
| Author: Rio Alma |
| Source: Buri Books |
| Magandang hapon! ☀ Si Teacher Robyn po to ulit para sa reading lesson natin ngayong araw! 🤓🧡📚 Ang babasahin natin ay ang tulang "Ngumiti sa Akin" 📜mula sa librong "Buwan, Buwang, Bulawan 2" 📚 ni Ginoong Rio Alma 👨🏽🏫<br><br>Ano kaya ang ibig sabihin ng tula o poem, mga bata? ☺ Para sa tula nating ngayong ara, "Ngumiti sa Akin" 📜, ito lamang ay isang kuwento na medyo iba lang ang porma sa karaniwan na maiikling kuwento ☺ Mas 1️⃣ emosyonal rin ito, at 2️⃣ mas may buhay ang mga salita o mas kaya nating ma-imagine ang mga sinasabi sa tula! 📜<br><br>Para sa Activity ✏ natin ngayong araw, subukan nating alamin ang nararamdaman ng ating mga bida 🙂😕 at ma-imagine 🌈 ang tula ni Ginoong Alma!<br><br>🙏🏽 **PANGAKO PARA SA ARALING ITO**<br>Pero bago tayo mag-umpisa, balikan natin ang ating mga promises! ☺<br>(1) dahan-dahang bibigkasin ang kada linya ng story 📣<br>(2) dadamdamin at sisikaping intindihin ang kuwento at, 🤓<br>(3) 'wag matatakot magtanong kay Teacher o sa ating mga nakatatanda sa bahay kung may hindi tayo naiintindihan. 🧡👩🏽👨🏽👴🏽👵🏽 |

💬 **TALASALITAAN**
Alahanin rin natin ang mga susunod na salita na baka hindi pamilyar sa atin:

**(1) Akwaryum**
**(2) Kawan**
**(3) Dip**
**(4) Parihadang (Parihada)**

Handa na ba tayo sa ating unang tula! 😄😄😄 Umpisa na tayo!

--

📚 **NGUMITI SA AKIN NI RIO ALMA**
*Bigkasin ang kada-linya* 📣

Ngumiti sa akin ang nag-iisang isda sa akwaryum.
Gusto sigurong makipag-usap.
At nalulungkot.
Nalulungkot?
Ay, nalulungkot dahil nag-iisa.
Maski ligtas sa bagsik ng dagat?
Oo, hinahanap ang kalarong kawan.
Maski ligtas sa gutom?
Kakalahating dipa ang ang parihadang mundo.
Maayos maski ang halamang plastik
At pekeng korales.
Masyado ngang malinis.
Teka, ngumiti nga ba o suminghap?
Nagpaalam yata sa akin ang isda sa awkwaryum.

--

✏️ **GAWAIN**

🔎 Para sa unang activity, 🔙🔙🔙 tayo! Basahin muli ang tula!
Nabasa na ba natin ulit? Naibigkas ba natin ang kada-linya? 📣

🔎 Sino ang dalawang karakter sa tula natin? 👨👩👧👦
Ang dalawang karakter natin ay si Bida 👦🏽 (ang may ari ng akwaryum), at ang isda (na naninirahan sa akwaryum 🐠

🔎 Para sa ating Bida 👦🏽, ano sa tingin niya ang ginagawa ni Isda 🐠 sa umpisa ng tula? Nguminguti, hindi ba, mga bata? Ngunit, bakit sa huli, parang nag-dadalawang isip ang ating Bida? 👦🏽 Bakit siya nag-dadalawang isip kung nguminigiti ba talaga si Isda? 🐠

🔎 Ano ang laman ng awkwaryum ni Isda 🐠? Balikan ang tula!

(1) Halamang plastik
(2) Pekeng korales
Ano kaya ang pakiramdam ni Isda sa kanyang awkwaryum?

🔎 Si Isda 🐠 ay alaga ni Bida 👦🏽! Ano kaya ang pakiramdam ni Bida 👦🏽 na baka mas gusto ni Isda 🐠 sa dagat 🌊 kaysa sa kaniyang awkwaryum?

✔️🙏🏽 **PAGTATAPOS**
Sa huling linya ng tula, sinasabi ni Bida 👦🏽 "Teka, ngumiti nga ba o suminghap? Nagpaalam yata sa akin ang isda sa awkwaryum."

Mga bata, kaya mo bang alamin kung masa, malungkot, o galit ang inyong kapatid, kaibigan, pinsan, o magulang? 🤔 Hindi man natin nababasa ang kanilang isip na parang Superhero, pero minsan, nararamdaman natin ang nararamdaman ng ating mga minamahal dahil sinusubukan nating isipin kung ano nga ba ang iniisip nila. Nagawa mo na ba ito?

Ito ang ginagawa ni Bida 👦🏽 para sa kanyang minamahal na Isda 🐠. At ano ang na-realize o napatanto niya? Baka nagpapa-alam si Isda 🐠, o sa ibang salita, baka malungkot si Isda 🐠.

Kung naiisip natin ang nararamdaman ng iba, ano ang ginagawa natin? Ano ang reaksyon natin sa naiisip nating nararamdaman nila? 🤔

Kung naiisip ni Bida 👦🏽 na malungkot si Isda 🐠, sa tingin niyo mga bata, ano kaya gagawin ni Bida? 👦🏽

Yay! Natapos natin ang unang tula natin! May parte ba ng lesson na nahirapan kayo? O may gusto ba kayong ma-share na sagot sa grupo natin? Message lang kayo sa grupo, o message niyo si Teacher ❤️

--

This story was published by Adarna House.
This content is lovingly prepared by AHA! Learning Center.